*The Normal Lights*
Volume 14, No. 1 (2020)

# Silip sa Kwento ng mga Mag-Aaral na Panggabi: Awtobayograpikal na Salaysay ng Pagpupursige at Tagumpay

## (A Glimpse into the Story of Night Shift Students: An Autobiographical Account of Perseverance and Success)

**Arnel T. Noval, M.A.Ed.**
Cebu Technological University – Main Campus, Philippines
arnelnoval663@gmail.com

***Abstrak*** Ginalugad sa papel na ito ang buhay ng panggabing mag-aaral sa kolehiyo bilang gabay sa pagbuo ng isang koleksyon ng awtobayograpikal na naratibo ng mga mag-aaral na panggabi. Nilayon din nitong masuri ang mga dahilan ng pagpili ng mga kalahok sa panggabing pag-aaral, mga pagsubok na kinaharap at mga paraan upang malagpasan ang mga pagsubok. Ginamit sa pag-aaral ang autobiographical narrative na pamaraan ng pananaliksik. Binubuo ng anim na mag-aaral na panggabi ang mga kalahok na pinili gamit ang purposive at convenience sampling. Natuklasan sa pag-aaral na ang pinakanangungunang pagsubok na kinaharap ng mga panggabing mag-aaral ay ang pamamahala sa oras (time management), pagod o puyat at ang maraming gawaing pampaaralan. Ang awtput ng pag-aaral na isang koleksyon ng awtobayograpikal na naratibo ng mga panggabing mag-aaral ay magsisilbing tala ng realidad ng buhay na naglalayong maisulong ang lubusang pag-unawa sa kalagayan ng mga mag-aaral na panggabi.

***Mga Susing Salita:*** Awtobayograpikal na salaysay, mag-aaral na panggabi, pagpupursige, silip at tagumpay

***Abstract*** This paper explores the life of the evening class college students as a guide in creating a collection of their autobiographical narratives. This study also seeks to analyze the profile and the reasons as to why these students choose to have

evening classes, the challenges they face, as well as the ways on how they overcome these challenges. This study utilized an autobiographical narrative method of research. The participants were composed of six evening class students and were selected through purposive and convenience sampling. The study revealed that the most common challenges faced by evening class students were time management, fatigue or stress and school works. The output of the study is a collection of autobiographical narratives of evening class students that may serve as a record of the reality of life which aims to promote a deeper understanding toward the condition of evening class students.

***Keywords:*** Autobiographical narrative, night school student, perseverance, glimpse, and success.

## Panimula

Sang-ayon sa mga edukador at mga dalubhasa ang inklusyon, sa pangkalahatan, nangangahulugan itong isang sistemang pang-edukasyon na nakadesinyo upang magkaroon ng access ang lahat ng marginalisadong pangkat sa lipunan at mga paaralan hindi lamang sa mga mag-aaral na may kapansanan kundi maging ang mga mag-aaral na nakararanas ng eksklusyon dulot ng kanilang etnisidad, kinabibilangang lipunan, kasarian, kultura, relihiyon, pandarayuhan at iba pang katangian (Kirschner, 2015).

Ayon naman sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, 2005), ang inklusibong edukasyon ay isang proseso ng pagbibigay-tugon sa iba't ibang pangangailangan ng lahat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapataas ng kanilang pakikilahok sa pagkatuto at pagpapababa ng antas ng eksklusyon sa edukasyon. Nangangahulugan lamang ito na ang lahat ng mga mag-aaral ay may karapatan para sa kalidad na edukasyon. Nagpapatunay lamang ang mga pahayag na ito sa kahalagahan ng pagpapaabot ng inklusibong edukasyon sa Mas Mataas na Edukasyon upang ang isang indibidwal ay makaalinsabay sa daloy ng modernong lipunan at matamo ang mga kahingian ng 21st siglong panahon.

Sa katunayan, matapos ang masidhing pagtatalo tungkol sa inklusibong edukasyon sa Pilipinas, isinabatas ang Free Tuition Fee Act of 2018 na nagnanais na maabot ang pinakalaylayan ng lipunan sa

kalidad at accessible na tertiary education. Sinasaklaw ng batas na ito ang mga sumusunod – (1) free tuition for all required classes during semester, (2) free miscellaneous and other school fees, (3) affirmative action programs for minorities, (4) Opt-out mechanism, (5) student voluntary contribution, (6) Tertiary Education Subsidy (TES), (7) Student Loan Program for Tertiary Education (Virola, 2019). Ngunit, hindi maikakaila ang katotohanang marami pa ring mag-aaral na panggabi ang kumakaharap sa mga hamon at pagsubok ng kanilang pag-aaral.

Sa kabila ng maugong na panawagan sa abot-kamay na edukasyon, nananatili pa ring malaking hamon ang pagpapaabot ng edukasyon sa bawat panig ng bansa. Sa sitwasyon ng Mas Mataas na Edukasyon sa paaralang tinuturuan ng mananaliksik, maraming kwento ng buhay ang hindi pa lubos na napakikinggan. Ang mga kwentong ito ay nanatiling nakatago at hindi pa masyadong naitatampok sa pangkalahatan gaya na lamang ng mga awtobayograpikal na salaysay ng mga mag-aaral na panggabi. Ayon nga kina Saleh, Mennon at Clandinin (2014), hinuhubog ng tao ang kanyang pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng mga kwentong nagpapakilala sa sarili at ibang tao at binibigyan ng pagpapakahulugan ang mga nakaraan gamit ang mga kwentong ito. Ito ang nagtulak sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na nakatuon sa buhay ng mga panggabing mag-aaral.

Tinatampok sa pag-aaral na ito ang buhay ng mga mag-aaral na panggabi na maituturing na minoridad sa larangan ng akademya sa kadahilanang hindi masyadong napakikinggan ang kanilang mga kwento bilang mag-aaral. Bilang pagtugon sa pagnanais na matamo ang mga layunin ng inklusibong edukasyon mahalagang mapakinggan ang boses ng mga panggabing mag-aaral nang sa gayon ay maisulong ang pagkilala sa kanilang pagsusumikap at magkaroon ng programang aagapay sa kanilang mga ninanais upang makasabay sila sa mga pangangailangan ng kanilang piniling karera. Sisipatin din ng mananaliksik ang mga kaugnay na literaturang tumatalakay sa gampanin ng edukasyong pangkolehiyo sa kalinangang pantao, mga napapanahong usapin at suliranin sa pag-aaral sa kolehiyo.

## Ang Gampanin ng Mataas na Edukasyon sa Kalinangang Pantao

Nililinang ng Mas Mataas na Edukasyon ang kasanayan, pagpapahalaga at social mobility ng isang tao na magtutulay upang siya ay mahubog para sa ikabubuti ng isang indibidwal at lipunang kanyang kinabibilangan (Bowen, 1977; Bowen at Book 1998 hinalaw kay Navas, 2016). Ang demand at pagpapahalaga sa Mas Mataas na Edukasyon ay tumataas saanmang dako ng mundo. Ang transisyon ng knowledge-based na ekonomiya, ang lumulobong bilang ng mga magtatapos sa edukasyong sekondarya at ang pangkalahatang pagtaas ng demand para sa kwalipikadong manggagawa para sa 21st Siglo ay ang mga pangunahing salik na nakaambag sa paglaki ng bilang sa edukasyong pang-unibersidad (Michubu, Nyerere at Kyalo, 2017).

Binanggit sa pag-aaral nina Gavilano, Nalipay at David (2018) na mahalagang mabigyan ng karampatang resources ang mga mag-aaral upang maging matagumpay hindi lamang para sa kanilang mga personal na mga mithiin kundi upang makapag-ambag at maging kapaki-pakinabang sa kanyang lipunan. Ang pagsasakatuparan ng inklusibong edukasyon ay napakahalagang gampanin sa holistic na paglinang ng isang mag-aaral kaya mahalagang paigtingin pa lalo ang pagsasaalang-alang sa mga aspketong nagpapabagal sa katuparan nito. Sa pamamagitan ng inklusibong edukasyon sa kolehiyo naihahanda ang isang indibidwal sa pagsuong sa mga hamong kinakaharap ng kasalukyan at mapagtatagumpayan ito sa pinakamabisang pamamaraan.

## Pagsipat sa Napapanahong Usapin at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Unibersidad

Ayon kay Meduala (2017), ang buhay-mag-aaral sa unibersidad ay hindi lamang isang natatanging pagkakataon upang maisulong ang kanilang edukasyon bagkus maihanda ang kanilang mga sarili sa totoong buhay na naghihintay matapos ang komplesyon ng kanilang napiling digri. Gayunpaman, ang buhay sa unibersidad ay may napakaraming aspekto at puno ng pagkahapo o stress.

Sinuportahan naman ito ng pag-aaral ni Frigillano, Ciasico at Nulada (2015) na ang pagtatrabaho at pag-aaral ng full-time ay

nangangailangan ng ibayong tiyaga. Dagdag pa nila ang paglalagay ng sariling mental at pisikal na enerhiya sa isang komplikadong sitwasyon ay kadalasang nagbubunga ng matinding pagod, pagkahapo o di kaya'y pareho. Ang mga mag-aaral na nagtatrabaho habang nag-aaral ay karaniwang nabibilang sa pamilyang may mababang kinikita, kung saan malaking hamon ang pagtugon sa pang-araw-araw nilang pangangailangan (Frigillano, Ciasico at Nulada, 2015).

Mahihinuha sa mga tinalakay na pag-aaral na mayorya sa mga ito ang sumasang-ayon na may suliraning nararanasan ang mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga suliraning ito ay maaaring maging hadlang sa kanilang pag-aaral gayundin sa kanilang mga pangarap. Pinagsusumikapan din ng mananaliksik na mabigyan ng pagpapatunay na ang mga usapin at suliraning ito ay hindi lamang danas ng mga regular na mag-aaral sa kolehiyo bagkus nararanasan din ito ng mga panggabing mag-aaral. Ang pagkahapo o stress, pagkukulang at kawalan ng interes sa adult education ay nakaaapekto rin sa pagpapaabot ng inklusibong edukasyon.

Batay sa dami ng inilahad na kaugnay na pag-aaral, mapapansin na marami-rami na ang mga isinagawang pag-aaral na tumatalakay sa karanasan ng mga karaniwang mag-aaral sa unibersidad. Mahihinuha rin sa mga pag-aaral na ito na hindi pa nabibigyang-diin at tiyak na pag-aaral ang mga panggabing mag-aaral sa unibersidad. Patunay lamang na ang kasalukuyang pag-aaral ay napapanahon. Napapanahon na upang magsagawa ng pananaliksik na sumesentro sa mga panggabing mag-aaral na tumatampok sa kanilang buhay, mga pagsubok, pagpupursige at pagtatagumpay. Ang pagtatampok na ito ay magsisilbing daan upang mapakinggan ang kanilang kwento at makabuo ng mga programang aagapay sa kanila sa pagtamo ng kanilang mga pangarap.

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa paniniwala nina Domecka, Edelman, Pickard at Waniek (2012) at Abrahāo (2012) na kapwa naniniwala sa awtobayograpikal na salaysay bilang pamamaraan ng paghihimay ng mga karanasan o kwentong buhay at magtutulay sa lubusang pagkilala ng isang indibidwal. Ganunman, naniniwala rin ang mananaliksik na mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga kwentong buhay ng panggabing mag-aaral upang mailahad ang kanilang mga

karanasan na magsisilbing inspirasyon sa paghubog ng panibagong karanasan.

## Layunin ng Pananaliksik

Sinuri sa pag-aaral na ito ang kwentong buhay ng anim na kalahok bilang gabay sa pagbuo ng isang koleksyon ng awtobayograpikal na naratibo ng mga mag-aaral na panggabi. Nilayon din nito na masuri ang mga dahilan ng pagpili ng mga partisipante na mag-aral ng panggabi, mga pagsubok na kinaharap sa pag-aaral at ang mga paraan upang malagpasan ang mga pagsubok sa pag-aaral.

# Metodolohiya

## Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang awtobayograpikal na naratibo na pamaraan ng pananaliksik sa pagsusuri sa awtobayograpiya ng mga kalahok. Binanggit nina Domecka, Edelman, Pickard at Waniek (2012) na ang pagsasagawa ng pakikipanayam sa pamaraang awtobayograpikal na salaysay ay magbibigay ng pagkakataon upang lubusang makilala ang tao sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pagbuo ng pag-unawa sa biograpiya ng tao kinakailang pagtuonan ang mga kategorya, elaborasyon at personal na teoryang kanilang nabuo batay sa kanilang sariling buhay. Binanggit nga ni Abrahão (2008, halaw kay Abrahão, 2012, p. 30) na "autobiographical research uses various empirical sources such as life narratives, oral stories, documents - both official and personal -, diaries, memorials, epistles, videos, photos."

## Mga Kalahok

Anim (6) na panggabing mag-aaral ang sinangguni upang maisakatuparan ang pag-aaral. Pinili ang mga kalahok ayon sa purposive at convenience sampling upang matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong ninais malikom. Napili ang mga kalahok ayon sa mga sumusunod na kriterya: (1) kinakailangang siya ay nasa wastong gulang na labinwalo o pataas, (2) kasalukuyang kumukuha ng panggabing pag-aaral, (3) boluntaryong makikilahok sa pag-aaral ng walang pagdadalawang-isip.

## Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit ay binubuo ng dalawang bahagi – ang unang bahagi ay may kaugnayan sa personal na propayl ng mga kalahok at tatlong karagdagang open-ended questions: (1) Ano ang naghimok sa'yo upang mag-aral ng panggabi? (2) Ano-ano ang mga pagsubok na iyong kinaharap sa panggabing pag-aaral? at (3) Paano mo napagtagumpayan ang mga pagsubok na ito? Samantala, ang pangalawang bahagi naman ay nakalaan upang maisulat nila ang kanilang awtobayograpiya. Sa pagsulat ng awtobayograpiya, binigyan ang mga kalahok ng isang linggo bilang konsiderasyon sa kanilang mga gawain sa trabaho at paaralan. Ang instrumentong ito ay ipinabalido sa isang propesor na nagtuturo ng doktorado at mga instraktor na nagtuturo ng wika, panitikan at pananaliksik.

## Mga Hakbang sa Pag-aaral

Sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng pag-aaral, anim na mag-aaral na panggabi ang sinangguni ng mananaliksik. Isinaalang-alang ang etikal na konsiderasyon sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot sa mga kalahok. Gumamit din ng alyas ang mga kalahok bilang kanilang pangalan upang mapanatiling confidential ang kanilang pagkakakilanlan.

Bago sinimulan ang pangangalap ng datos, ipinaliwanag ng mananaliksik ang mga layunin ng pag-aaral. Matapos nito, isinagawa ang pagsagot sa unang bahagi ng talatanungan. Sa pagsulat ng awtobayograpiya, binigyan ang mga kalahok ng isang linggo upang hindi makadagdag abala sa kanilang mga gawain.

Ang kasunod na hakbang ay ang restorying o muling pagkukwento. Sinipat ng mananaliksik ang elemento ng awtobayograpiya at isinaayos ang kalinawan ng kronolohikal na pagkasunod-sunod ng mga pangyayari. Upang maging concise ang awtobayograpiya tinanggal ang mga bahaging walang kaugnayan sa layunin ng pananaliksik. Sinundan naman ito ng pagkokoda ayon sa mga sumusunod: (1) pagpili ng panggabing pag-aaral, (2) mga hamon sa pag-aaral at (3) mga paraan upang malagpasan ang mga hamong ito. Matapos ang restorying at coding, muling sinangguni ang mga kalahok

at ipinabasa ang nabuong awtobayograpiya. Hiningi ang kanilang suhestiyon o reaksyon upang maisaayos ang anomang kakulangan.

## Mga Natuklasan

Matutunghayan sa bahaging ito ang mga kinalabasan ng pagsusuri sa awtobayograpiya ng mga panggabing mag-aaral. Ang mga pangalang Jolly Joyce, Ramde, Junix, Avariz, Flamblum at Krab ay pawang mga alyas lamang ng mga kalahok upang maprotektahan at mapanatiling lihim ang kanilang pagkakakilanlan.

### Mga Dahilan sa Pagpili ng Panggabing Pag-aaral

Si Jolly Joyce, labinwalong taong gulang, nag-aaral sa unang taon sa kursong Bachelor of Science in Business Administration. Ipinanganak noong Septyembre 18, 2000. Mahilig siyang kumain ng prutas at magbasa ng pocket books gayundin ang manood ng teleserye. Napili niyang mag-aral sa gabi upang matustusan ang mga gastusin sa pag-aaral at makatulong sa kanyang pamilya. Si Ramde ay nasa dalawampu't dalawang taong gulang. Pinagsasabay niya rin ang pag-aaral sa gabi sa ikatlong taon sa kursong BS Hospitality Management at pagtatrabaho. Kinahiligan niya ang pagbabasa ng libro at pagluluto. Pakiramdam niya 'pag nagluluto siya nababawasan ang pagkamainitin ng kanyang ulo. Si Junix naman ay nasa labinsiyam na taong gulang. Ang nanay niya ay nasa bahay lamang at ang kanyang tatay naman ay drayber ng isang kompanya. Kasalukuyang nag-aaral sa kursong Bachelor of Science in Mechanical Engineering – First Year. Napili niya ang panggabing pag-aaral dahil conflict ito sa kanyang trabaho sa umaga. Pangarap niyang makapagtapos dahil gusto niyang makatulong sa pamilya lalo na ang maysakit na ina. Salat man, lumalaban at bumabangon pa rin siya upang makaraos. Si Avariz, dalawampu't dalawang taong gulang, kasalukuyan siyang nag-aaral sa ikalawang taon sa kursong Bachelor of Arts in English major in Applied Linguistics. Ikalawa sa apat na magkakapatid na lalaki. Simple lamang ang kanilang pamumuhay at masasabi niyang napupunan naman ng kanyang mga magulang ang kanilang mga pangangailangan. Kaya mas pinili niyang maghanapbuhay sa umaga at mag-aral sa gabi para matulungan ang kanyang mama at papa. Si Flamblum naman ay nasa 19 taong gulang. Ipinagpapatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa

kolehiyo sa unang taon sa kursong BS Graphics Design. Musmos pa lang, siya na ang inaasahan sa mga gawaing bahay, taga-luto, taga-laba, taga-hugas ng pinggan at iba pa. Hindi man siya kasing alerto tulad ng iba pero maaasahan naman sa lahat ng bagay at alam rin niya na bilang anak tungkulin niya ang tumulong. Pinili niya ang mag-nightshift dahil sa traffic at para na rin makatulong sa pagbabantay ng maliit nilang tindahan. Si Krab naman ay isinilang noong ika-19 ng Disyembre,1999. Nasa unang taon na siya sa kursong BS Graphics Design. Napagdesisyunan niyang mag-aral ng panggabi dahil tumutulong siya sa mga gawaing-bahay tulad ng pagbabantay sa kanyang pinsan na pitong taong gulang, sa kanyang lolo at lola at nagtatrabaho rin siya sa kompanya ng kanyang pinsan.

## Mga Hamon at Pagsubok sa Panggabing Pag-aaral

Nahihirapan si Jolly Joyce sa pamamahala ng kanyang oras kung kaya paminsan-minsan ay hindi niya nababalanse ang oras ng trabaho at ang oras ng pag-aaral. Tulad ng nauna si Ramde ay lagi ring naghahabol sa oras kaya nagkakaroon na ng kakulangan sa kanyang tulog at pagkain. Minsan nga'y nakatutulog na siya sa oras ng kanyang klase. Para naman kay Junix ang hamong kanyang naransan ay pagod at puyat. Tinatamad na rin siya at inaantok sa dami ng mga gawain sa paaralan. Ayon naman kay Avariz ang pagsubok na kanyang kinaharap ay ang hirap sa time management, ang pagod at puyat na dulot ng pagtatrabaho at pag-aaral. Ang mga pagsubok naman na kinaharap ni Flamblum ay ang paggawa ng mga proyekto sa iba't ibang asignatura. Nahihirapan din siya sa pag-aaral nang mabuti upang makakuha ng matataas na marka gayundin ang pamamahala ng kanyang oras sa pag-aaral at pagtatrabaho. Nararanasan naman ni Krab ang hamon sa pagbabalanse ng kanyang oras. Minsan ay hindi na niya mawari kung ano ang una niyang gagawain sapagkat salat siya sa oras kung kaya paminsan-minsan ay nalilimutan niya ang mga importanteng bagay na may kaugnayan sa kanyang pag-aaral. Dagdag pa niya, kinakaharap din niyang hamon ang kung paano niya mapatatag at makumbinse ang sarili na malalampasan din niya ang mga hamon sa kanyang pag-aaral dahil mabilis siyang manlumo sa kanyang sarili.

## Mga Pamamaraan Upang Malagpasan ang mga Pagsubok sa Panggabing Pag-aaral

Upang malagpasan ni Jolly Joyce ang mga pagsubok sa pag-aaral, lumalabas siya nang maaga sa trabaho upang hindi mahuli sa pagpasok. Lagi namang naghahabol sa oras ng klase si Ramde na naging dahilan kung bakit kulang siya sa tulog at kain. Kung kaya, upang malagpasan ang mga hamong ito, humihingi siya ng konsiderasyon at sa tuwing day-off niya humahabol siya sa paggawa ng mga gawain sa paaralan. Nalagpasan naman ni Junix ang mga pagsubok sa pamamagitan ng paglalaan ng oras upang makapagpahinga at upang mapamahalaan ang kanyang oras. Pinagsasabay din ni Avariz ang paghahanapbuhay at pag-aaral. Binibigyan niya ng sapat na atensyon at panahon ang kanyang mga gawain sa paaralan. Kapag wala naman siyang pasok, pinagsusumikapan niyang makapagpahinga nang maayos at matulog upang maibsan ang pagod at puyat na kanyang naranasan. Sinisikap naman ni Flamblum na maisagawa ang kanyang mga proyekto o takdang-aralin na malayo pa ang itinakdang oras. Lagi niyang isinasaisip na huwag maging tamad at mayroon siyang nakahandang daily reminder/plan upang maisaayos niya ang kanyang mga gawain. Sa pagnanais ni Krab na malampasan ang mga ito, gumagawa siya ng iskedyul sa kanyang talaarawan upang paalalahanan ang sarili na dapat ay matapos niya ang kanyang mga gawain. Makatutulong sa kanya ang pag-oorganisa ng mga gawain sa araw-araw nang sa gayon ay hindi siya mananatili sa isang sulok na nakatunganga lang.

## Pagtatalakay

Batay sa pagsusuring isinagawa sa awtobayograpikal na salaysay ng mga panggabing mag-aaral, may pagkakaiba sa kasarian, edad at kursong napili. Narito ang ilang pahayag ng mga kalahok:

> "Ako po si Jolly Joyce, labinwalong taong gulang at nag-aaral sa unang taon sa kursong Bachelor of Science in Business Administration. Ipinanganak ako noong Septyembre 18, 2000. Mahilig akong kumain ng prutas at mahilig din akong magbasa ng pocket books at manood ng teleserye. Napili pong mag-aral sa gabi upang matustusan ang mga gastusin sa aking pag-aaral at makatulong sa aking pamilya. [1]"

> "Ako po si Ramde, dalawampu't dalawang taong gulang at isang lalaki. Pangalawa ako sa aming magkakapatid. Bilang pangalawang panganay, kinakailangan kong alagaan ang aking mga nakababatang kaatid. Pinagsasabay ko ang pag-aaral sa gabi sa ikatlong taon sa kursong BS Hospitality Management at

pagtatrabaho. Mahilig ako sa pagbabasa ng libro at pagluluto. Pakiramdam ko pag nagluluto ako nababawasan ang pagkamainitin ng aking ulo. [2]"

Sa anim na kalahok, dalawa ang babae at apat naman ang lalaki na nasa edad na 18-22 na nasa una hanggang pangatlong taon sa kolehiyo na kumukuha ng iba't ibang kurso. Lutang na lutang din ang pagkakaiba-iba ng kanilang pinagmulan, may nagmula sa pamilyang walang-wala at nagnanais na makatulong sa pamilya kaya patuloy na nag-aaral ng panggabi. Mapapansin din na bagamat mabigat ang hamon ng panggabing pag-aaral, ang mga kalahok ay may iba-ibang hilig gaya pagkain ng prutas, pagbabasa ng aklat o pocket book, panonood ng teleserye, pagluluto at iba pa.

Mapapansin din na nagkakaisa ang mga kalahok sa kanilang kadahilanan sa pagpili ng panggabing pag-aaral ay ang pagtatrabaho. Pansinin ang sipi ng mga pahayag ng awtobayograpikal na salaysay na nasa ibaba:

---

[1] mula sa awtobayograpikal na salaysay ni **Jolly Joyce**
[2] halaw sa awtobayograpikal na salaysay ni **Ramde**
* Ginamit ang mga alyas upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga awtor ng awtobayograpiya.

"Napili ko ang iskedyul ng panggabing pag-aaral dahil conflict ito sa trabaho ko sa umaga, Pangarap kong makatapos ng pag-aaral dahil gusto kong matulungan ang aking pamilya lalo na ang aking maysakit na ina.Salat man kami, lumalaban at bumabangon pa rin kami upang makaraos. [3]"

"Musmos pa lang ay ako na ang inaasahan sa mga gawaing bahay, tagaluto, tagalaba, tagahugas ng pinggan at iba pa. Hindi man ako kasing alerto tulad ng iba pero maaasahan ako sa lahat ng bagay at alam ko rin bilang anak 'yun ay ang tumulong. Pinili ko ang mag-nightshift dahil sa traffic at para na rin makatulong sa pagbabantay ng aming maliit na tindahan. [4]"

Nagtatrabaho ang mga kalahok sa umaga upang makatulong sa kanilang mga magulang at may maipantustos sa kanilang mga gastusin sa paaralan. Sa kabilang banda, inilahad din ng mga kalahok na kaya pinili nila ang panggabing pag-aaral ay dahil sa matinding trapik at upang makatulong na rin sa mga gawaing bahay gaya ng pagbabantay sa nakababatang kapatid, lolo at lola at iba pang mga gawain. Dagdag

pa nito, mamamalas din ang kasimplehan ng kanilang buhay, may mahilig magbasa ng libro, magluto at manood ng teleserye para malibang ang sarili sa kabila ng mga hamong kinakaharap. Nagkakaisa rin sila sa pagnanais na makapagtapos ng pag-aaral upang makamtan ang mga pangarap sa buhay at makatulong sa kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maganda at disenteng trabaho. Dagok kung maituturing para sa mga mag-aaral na panggabi ang pagtamo ng kanilang mga pangarap na makapagtapos ng pag-aaral.

Lutang na lutang din sa mga salaysay ng mga kalahok na ang hamon at pagsubok na kanilang naranasan ay ang pagbabalanse ng kanilang oras o time management, pagod at puyat at ang mga gawaing pampaaralan. Mayorya sa mga salaysay na nalikom ang nagpapahiwatig na nahihirapan sila sa pagbabalanse ng kanilang oras sa pag-aaral at pagtatrabaho. Pansinin ang siping ito:

> "Bilang isang working student, hindi ko maipagkakaila ang pagod na aking nadarama sa pang-araw-araw na gawain. May mga panahong gabing-gabi na ako nakakauwi at hindi na kinakaya ng katawan ko ang gumising nang maaga upang pumasok sa trabaho. Sa mga pagkakataong ito ay lumiliban na lamang ako sa trabaho at nagpapahinga subalit sa hapon ay sisikapin kong makapasok sa paaralan sapagkat mahalagang makasabay ako sa mga leksyon sa bawat asignatura. [5]"

---

[3] hinalaw sa awtobayograpikal na salaysay ni **Junix**
[4] sinipi mula sa awtobayograpikal na salaysay ni **Flamblum**
[5] hinalaw sa awtobayograpikal na salaysay ni **Avariz**
* Ginamit ang mga alyas upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga awtor ng awtobayograpiya.

Sa pag-aaral ni Khurshid (2014) binanggit niya na ang buhay ay puno ng mga pagsubok, upang malagpasan ang mga pagsubok na ito, ang pangangailangan sa pagtatagumpay ay napakahalagang pangangailangan upang magkaroon ng ninanais na kaalaman, kakayahan at kasanayan na matatamo sa pamamagitan ng angkop na pakikisalamuha. Sa ganitong pagkakataon, ang mga guro, mga magulang at mga kaibigan ay may mahalagang gampanin upang maisakatuparan ang layuning ito. Ngunit, ang pagtamo ng inklusibong edukasyon ay hindi pa danas ng nakararami dahil sa napakaraming salik na humahadlang sa pagsasakatuparan nito. Kagaya ng mga panggabing mag-aaral na nakararanas ng hindi pantay na pagkakataon

dulot na rin ng kahirapan, suliranin sa pamilya at iba pang personal na dinadala na balakid sa pagdanas ng inklusibong edukasyon.

Binanggit naman sa pag-aaral nina Dimalaluan, Anunciado at Juan (2017) tinalakay nila na napakahirap magtapos ng kolehiyo sa panahon ngayon. Natuklasan din nila na ang kadalasang problema at suliraning nararanasan ng mga mag-aaral ay ang time management, hindi maipaliwanag na takot na mabagsak sa pagsusulit, kawalang tiwala sa sarili, poor study habbits at kaba, kakulangan ng kontrol sa sarili.

Ang pagtatalakay nina Khurshid (2014) at Dimalaluan, Anunciado at Juan (2017) ay kapwa nagpapatibay sa kasalukuyang usapin at suliranin sa Pilipinas at sa ibang karatig bansa sa pagtamo ng inklusibong edukasyon sa kolehiyo. Bagaman nagsagawa ng magandang hakbang ang gobyerno sa pagsasabatas na gawing libre ang mga bayarin sa kolehiyo hindi pa rin maikakaila na marami pa rin sa mga kabataan ang hindi abot ng programang ito. Ang kahirapan o kasalatan sa buhay ang isa sa mga nangungunang balakid sa ikatatagumpay ng programa kung kaya marapat lamang na bigyan ito ng solusyon para sa pagtataguyod ng kalinangang pantao.

Mahihinuha rin sa mga salaysay ng mga kalahok na mayorya sa kanila ang nagsasaad na ang kanilang pamamaraan upang malagpasan ang mga pagsubok na nararanasan ay sa pamamagitan ng wastong pamamahala ng kanilang oras o time management sa tulong ng paggawa ng planner nang sa gayon ay maisagawa nila ang kanilang mga gawaing pampaaralan at makahabol sa kanilang leksyon. Narito ang pahayag ni Krab:

> "Upang malampasan ang mga pagsubok na ito, gumagawa po ako ng iskedyul sa aking talaarawan upang paalalahanan ang aking sarili na dapat ay matapos ko ang aking mga gawain. Makatutulong po ito sa pag-oorganisa ng aking mga gawain sa araw-araw nang sa gayon ay hindi po ako mananatili sa isang sulok na nakatunganga lang na kalaunan ay maging dahilan ng aking depresyon. [6]"

[6] hinalaw sa awtobayograpikal na salaysay ni **Krab**

* Ginamit ang mga alyas upang mapanatili ang *confidentiality* ng pagkakakilanlan ng mga awtor ng awtobayograpiya.

Kakikitaan din ang mga panggabing mag-aaral ng pagkukusa at katatagan ng kalooban sa pagtamo ng kanilang mga pangarap sa buhay. Sa ganitong pagkakataon, ang suporta ng stakeholders sa kabuoang kalinangan ng mga mag-aaral ay kinakailangang maipadama at maramdaman nila. Ayon nga kay Khurshid (2014), ang mga salik na nakaaapekto sa pagtatagumpay ng mga mag-aaral ay personal na katangian, mga salik na may kaugnayan sa suportang institusyonal, suporta ng pamilya at may malaking gamapanin din ang kamalayan at access sa mga learning resource. Dagdag pa niya, ang pamunuan ng Mas Mataas na Edukasyon at ang kaguruan ay may mahalagang tungkulin sa pagtukoy sa pagtatagumpay ng mga mag-aaral kung makabubuo ng pamamahalang may kolaborasyon sa mga salik na nagsusulong sa pagtatagumpay ng mga mag-aaral at sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kaaya-ayang kapaligiran sa pagkatuto kabilang ang sapat na learning resources.

Natuklasan naman sa pag-aaral ni Navas (2016) na ang matagumpay ay gumagamit ng mga support system. Sa kabilang banda, ang kawalan ng suporta ang nagiging ugat o dahilan sa pagkakabigo ng isang mag-aaral. Binanggit pa niya na malaki ang magagawa ng Unibersidad upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagtatagumpay, mula sa part-time employement hanggang sa pagkakaroon ng sapat na scholarship ay isang mabisang support services na may malaking maitutulong sa mga mag-aaral.

Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapatibay sa paniniwalang matatamo ng mga mag-aaral sa unibersidad ang tagumpay kung bibigyan sila ng karampatang suporta ng pamunuan kaakibat ang suporta ng kaguruan na tumutulong sa paghubog ng kanilang kamalayan at mga natatagong talento. Nakatutulong din ang pagtugon sa pangangailangan ng sapat na learning resources para sa pangmatagalang pagkatuto. Sa pamamagitan nito, naihahanda ang mga mag-aaral na harapin ang mga hamon sa kanilang napiling karera kabilang na ang mga gawaing pampaaralan at iba pang mga gawain.

Malaking hamon kung maituturing ang pagpapaabot ng inklusibong edukasyon higit lalo sa mga mag-aaral na panggabi ngunit malaking bagay na mapakinggan ang kanilang mga hinaing at maisalaysay ang kanilang buhay dahil sa ganitong paraan mas

napapalawig ang pag-unawa at pagmamalasakit sa kanilang kalagayan. Ang mga awtobayograpikong salaysay ng mga panggabing mag-aaral ay kwentong may saysay, makabuluhan kaya hindi makabubuti na ipagsawalang-bahala lamang bagkus mas makabubuti kung pakikinggan ito. Mahalaga rin na maipadama sa kanila na sila ay kabilang sa lipunan, matagal man o hindi man nakaaabot ang tulong ng gobyerno sa kanila ang mga taong nakapalibot, mga magulang, mga guro at kapwa mag-aaral ang siyang pupuno at dadamay sa kanila sa pakikipagbuno sa mga pagsubok na bunga ng kanilang mga pangarap na makapagtapos.

## Koleksyon ng Awtobayograpikal na Salaysay ng Panggabing Mag-aaral: Kwento ng Pagpupursige at Tagumpay

Bilang katugunan sa nilalayon ng pag-aaral, nabuo ang koleksyon ng awtobayograpikal na salaysay ng mga panggabing mag-aaral. Kinapapalooban ito ng mga kwentong-buhay ng mga mag-aaral na panggabi, sa kanilang pagsusumikap na matamo ang mga pangarap at mapagtagumpayan ang mga pagsubok na kanilang danas. Binubuo ang koleksyong ito ng mga preliminaryong bahagi gaya ng pahina ng pamagat, paunang salita, dedikasyon, talaan ng nilalaman at ang katawan o nilalaman ng koleksiyon na awtobayograpikal na salaysay ng panggabing mag-aaral. Nasa ibaba ang halimbawa ng isang awtobayograpikal na salaysay:

***Patuloy na Pagsisikap***
Awtobayograpikal na Salaysay ni ***Avariz***

Ako po si Avariz, dalawampu't dalawang taong gulang. Isinilang po ako noong ikaapat ng Mayo, 1997. Ikalawa ako sa apat na magkakapatid na lalaki. Simple lamang ang aming pamumuhay at masasabi kong napupunan naman ng aming mga magulang ang aming mga pangangailangan. Masaya kaming naninirahan noon sa Maynila. Kahit na may problema kaming nakakaharap, nalalagpasan naman namin ang mga ito sa pagtutulungan naming magkakapamilya.

Naging maayos naman ang unang semestre ko sa kolehiyo at sa awa ng Diyos ay naipasa ko ang lahat ng aking mga asignatura. Ngunit pagdating ng ikalawang semestre, napahinto ako sa aking pag-aaral dahil kinapos kami sa pera dulot ng problemang kinaharap ng aking pamilya. Tatlong taon din akong

natigil sa pag-aaral at walang ibang ginawa kundi ang magbantay ng aming kinabubuhay, ang aming tindahan. Di nagtagal, naisip ng aking ama na pumunta sa Cebu at inaya akong ipagpatuloy ang aking pag-aaral doon. Hindi na ako nagdalawang-isip pa. Sa kabutihang palad ay nakapasok ako sa isang unibersidad sa Cebu at kasalukuyang kumukuha ng Bachelor of Arts in English major in Applied Linguistics sa panggabing iskedyul. Kumpara sa nauna kong kurso, mas gusto ko ang bago kong kurso sapagkat mas nahahasa ang aking kakayahan sa wikang Ingles. Ngunit, katulad ng mga nauna kong karanasan hindi naging madali ang pag-aadjust ko dito sa Cebu.

Unang araw ng pasukan, wala akong kakilala sa bago kong paaralan at ang pinakamahirap sa lahat ay hindi ako marunong mag-Cebuano. Wala akong masyadong maintindihan. Laking tuwa ko na lamang nang may kumausap sa akin at nakipagkaibigan. Kalaunan ay natutuhan ko ring makihalubilo sa kanila at makipagkaibigan. Lumipas ang mga araw at napag-isip-isip kong maghanap ng mapagkakakitaan upang may allowance ako kahit papaano.

Inaya ako ng isa kong kaklase na mag-apply sa isang kompaya ng ESL at maswerte namang natanggap ako. Kasalukuyan akong nagtuturo ng wikang Ingles sa mga Hapon. Kahit nakapapagod ang iskedyul ng trabaho, kinakaya ko pa rin ito. Maagang nagsisimula ang aking trabaho. Mula sa alas singko hanggang alas otso ng umaga. Wala akong pagpipilian sapagkat ito lamang ang nakalaang iskedyul para sa mga part-timer. Ito lang din ang naaayon sa aking oras sapagkat magsisimula ang aking klase bandang alas kwatro ng hapon. Bilang isang working student, hindi ko maipagkakaila ang pagod na aking nadarama sa pang-araw-araw na gawain. May mga panahong gabing-gabi na ako nakauuwi at hindi na kinakaya ng katawan ko ang gumising nang maaga upang pumasok sa trabaho. Sa mga pagkakataong ito ay lumiliban na lamang ako sa trabaho at nagpapahinga subalit sa hapon ay sisikapin kong makapasok sa paaralan sapagkat mahalagang makasabay ako sa mga leksiyon sa bawat asignatura. Ngunit may mga mga pagkakataong hindi maiiwasang lumiban sa paaralan lalo na sa mga araw na sumasakit nang husto ang aking ulo dala ng kakulangan sa tulog.

Ano't ano pa man, masasabi kong ang buhay ng isang panggabing mag-aaral ay masaya sapagkat nariyan ang mga kaibigan kong walang tigil ang suporta at talagang maaasahan. Kung hindi dahil sa kanila, malamang hindi ako makatatagal sa kalagayan ko ngayon. Sila rin ang nagsisilbi kong inspirasyon sa

> pag-aaral pati na rin ang aking mga magulang at mga kapatid. Kaya naman sisikapin kong makapagtapos ng aking pag-aaral at makuha ang diplomang inaasam ko sa abot ng aking makakaya.

## Kongklusyon at Rekomendasyon

Nilayon ng pag-aaral na masuri ang awtobayograpikal na salaysay ng mga panggabing mag-aaral at mahimay ang mga dahilan sa pagpili ng panggabing pag-aaral, mga pagsubok na kinaharap at mga paraan upang mapagtagumpayan ang mga hamong ito. Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang mga natuklasan ng pag-aaral dahil isinisiwalat nito ang mga balakid sa pagtamo ng mga layunin ng inklusibong edukasyon.

Natuklasan sa pag-aaral na ang pangunahing dahilan ng pagpili ng mga kalahok sa panggabing pag-aaral ay ang kanilang trabaho, mabigat na trapik at ang mga gawain nila sa kani-kanilang mga tahanan. Mayorya sa mga kalahok ang nahihirapan sa pagbabalanse ng oras sa pagtatrabaho at pag-aral kabilang na rin dito ang pagod at puyat at ang tambak na gawaing pampaaralan. Nalalagpasan naman ng mga panggabing mag-aaral ang mga hamong ito sa pamamagitan ng wastong pamamahala ng kanilang oras, pagbuo ng planner upang makapagsumite ng mga kahingian sa paaralan at makahabol sa kanilang leksiyon.

Tulad ng paniniwala nina Domecka, Edelman, Pickard at Waniek (2012) na ang pagsasagawa ng pakikipanayam sa pamaraang awtobayograpikal na salaysay ay magbibigay ng pagkakataon upang lubusang makilala ang tao sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay. Mahalagang maitampok ang kwentong-buhay ng mga panggabing mag-aaral upang mabigyan ito ng atensyon at maiparamdam sa kanila na kabilang sila sa lipunan. Maiuugnay rin ito sa paniniwala ni Abrahão (2012) na ang kasaysayan ng buhay (life history) ay isang konstruksyong nabuo ng mananaliksik sa pamamagitan ng paghihimay ng mga empirikal na datos batay sa karanasan ng tao. Binanggit din niya na ang kasaysayan ng buhay ay isang produkto, hindi proseso. Kung gayon, pinagtitibay ng mga paniniwalang ito ang kahalagahan ng pagkukuwento ng mga karanasan bilang kabahagi ng kasaysayan ng buhay upang mapagnilay-nilayan at magsilbing hulwarang huhubog ng panibagong karanasan.

Marapat din na isaalang-alang sa pagpapatupad ng mga polisiya at programang pampaaralan ang mga kwentong-buhay ng mga mag-aaral na panggabi dahil sumasalamin ito sa kanilang mga karanasan. Ang awtobayograpikal na salaysay ng mga mag-aaral na panggabi ay nagsisilbing tala ng aktwal at makatotohanang karanasan ng isang mag-aaral na patuloy na lumalaban para sa katuparan ng kanyang mga pangarap.

Mula sa mga natuklasan, inirerekomenda ng mananaliksik sa Administrasyon ng pamantasan na mag-alok ng tulong-pinansyal sa mga working student na ang karamihan ay nag-aaral ng panggabi. Magpatupad din ng polisiyang magbibigay-konsiderasyon sa pagsusumite ng mga kahingian o proyekto, kaluwagan sa attendance o pagdalo sa klase at bumuo ng tanggapan o magdagdag ng night staff na aatasang tumugon sa pangangailangan ng mga panggabing mag-aaral gaya na lamang ng awareness campaign laban sa stress o pagkahapo, diskriminasyon at iba pang programa katuwang ang Student Affairs Office at Guidance Office. Higit sa lahat, iminumungkahi rin na palawakin pa ang saklaw ng Tertiary Education Subsidy (TES) at magdagdag ng additional allowance upang hindi maobliga ang mga mag-aaral na magtrabaho.

Ipinanunukala rin ng mananaliksik na magsagawa ng mga pag-aaral na magbibigay-tuon sa mga aspektong hindi sakop ng kasalukuyang pag-aaral gaya ng mental health, student’s support and services, komparatibong pag-aaral sa akademikong performans ng panggabi at regular na mag-aaral at iba pang pananaliksik na may kinalaman sa career development.

Palawigin pa sana ng ibang mananaliksik ang mas malalim na pag-aaral hinggil sa epekto ng panggabing pag-aaral sa kalinangang holistic ng mga mag-aaral at iba pang mga salik tungo sa mas komprehensibong pagbibigay-tugon sa mga balakid ng inklusibong edukasyon. Maitaguyod ang karampatang inisyatiba sa pagbuo ng mga programang aagapay hindi lamang sa panggabing mag-aaral kundi maging sa iba pang minoridad ng lipunan na hindi pa naitatampok at napakikinggan.

…

## Talasanggunian

Abrahāo, M.H.M.B. (2012). Autobiographical research: Memory, time and narratives in the first person. *European Journal for Research in the Education Learning of Adults, (3)*1, 29-41, https://doi.org/10.3384/RELA.2000-7426.rela0051.

Dimalaluan, A.B., Anunciado, M.V., & Juan, N.N. (2017). Problems and Difficulties Encountered and Training Needs of College Students: Basis FOR Improving Guidance Counseling Services. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, *(5)*1, 167-172.

Domecka, M., Edelman, K., Pickard, D., & Waniek, K.M. (2012). Method in Practice: Authobiographical Narrative Interviews in Search of European Phenomena. https://doi.org/10.1057/9781137009272_2.

Frigillano, S.D., Ciasico, E.S., & Nulada L.M. (2015). Lived Experience of On-Campus Working Students. *Open Science Journal of Education, 3*(6), 38-42.

Gavilano, V.C., Nalipay, M.J.N., & David, A.P. (2018). The Role of Hope in Promoting Society-Oriented Future Goal. *The Normal Lights 12*(1), 185-198.

Khurshid, F. (2014). Factors Affecting Higher Education Students' Success. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 1*(5), 39-47.

Kirschner, S.R. (2015). Inclusive Education. In W. George Scarlet (Edition) *Sage Encyclopedia of Classroom Management*.

Meduala Jr., C.T. (2017). Commonness Difficulty and Predictor of Higher Education Students Stressors. *Asia Pacific Journal of Multidiscilinary Research*, *5*(1), 55-61.

Michubu, W.M., Nyerere, J.K.A., & Kyalo, D.N. (2017). Learner Support Services and Quality of Education in Public Universities in Kenya. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 4*(3).

Navas, E. A. (2016). Experiences of Low-Income Students in HEI's: Basis in Conceptualizing a Student Support System. *The Normal Lights, 10*(2), 237-272.

Saleh, M., Mennon, J., & Clandinin, D.J. (2014). Autobiographichal Narrative Inquiry: Tellings and Retellings. *Learning Landscapes, 7*(2). 271-282.

United Nations Educational, Scientifc and Cultural Organization (2005). Guidelines for Inclusion: Ensuring Access to Education for All. Retrieved from https://eric.ed.gov/?id+ED496105.

Virola, R.l. (2019) Free Education in the Philippines: A Continuing Saga. *International Journal of Advanced Engineering Management and Science, (5)*4, 238-249.